Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-9 NG DISYEMBRE, 1998, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 174-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 108-T'98/ ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 6-T'98 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN NA ITINUTUGMA ANG GUGULING NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPU'T PITONG LIBO, PITONG DAANG PISO (P37,700.00) MULA SA BALANSE NG LAANG GUGULIN SA PERSONAL NA PAGLILINGKOD NG SANGGUNIANG BARANGAY AT ALAWANS NG MGA BARANGAY TANOD UPANG IDAGDAG SA CHRISTMAS CASH GIFT NG SANGGUNIANG BARANGAY, BARANGAY TANOD, BARANGAY NUTRITION SCHOLAR (BNS) AT BARANGAY HEALTH WORKERS (BHW).

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kap. Blg. 108-T'98/Ordinansa ng Laang Gugulin Blg. 6-T'98 ng Sang. Brgy. ng Pagsawitan na naglalayong makapagtugma ng guguling nagkakahalaga ng P37,700.00 ayon sa isinasaad sa itaas nito;

SAPAGKA'T, ang nasabing pagtutugma ay hindi sumisinsay sa mga batas at regulasyong nakapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T, anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay nasa pananagutan ito ng Sang. Brgy. ng Pagsawitan;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Edgardo T. Porca, Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kap. Blg. 108-T'98/ Ordinansa ng Laang Gugulin Blg. 6-T'98 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na itinutugma ang guguling nagkakahalaga ng P37,700.00 mula sa balanse ng laang gugulin sa Personal na Paglilingkod ng Sangguniang Barangay at alawans ng mga Brgy. Tanod upang idagdag sa Christmas Cash Gift ng Sang. Barangay, Barangay Tanod, Barangay Nutrition Scholar (BNS) at Barangay Health Workers (BHW).

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Pagsawitan, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

RECEIVED
BY:
DATE
STA. CRUZ LAGUNA